ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

KASUNDUAN NG COUNTY NG SAN DIEGO
ESTRATEHIYA SA TAUNANG PLANO PARA SA TAON NG PANANALAPI 2024-25
COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT, HOME INVESTMENT PARTNERSHIPS, HOUSING OPPORTUNITIES FOR PERSONS WITH AIDS AT MGA PROGRAMA SA EMERGENCY SOLUTIONS GRANT.

Ibinibigay ang abisong ito para ipaalam na ang Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors) ay magdaraos ng pampublikong pagdinig ng 9:00 ng umaga sa ika-24 ng Oktubre, 2023, sa Room 310 sa County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA, tungkol sa Estratehiya sa Taunang Plano Para sa Taon ng Pananalapi (Fiscal Year, FY) 2024-25.

Bumubuo ang County ng San Diego ng Taunang Plano bawat taon upang tukuyin ang mga partikular na proyektong popondohan sa darating na taon ng pananalapi, sa pamamagitan ng apat na programa ng gobyerno para sa mga karapat-dapat (entitlement programs) na pinangangasiwaan ng Health and Human Services Agency, Housing and Community Development Services: Community Development Block Grant (CDBG), HOME Investment Partnerships (HOME), Housing Opportunities for Persons with AIDS (HOPWA) at Emergency Solutions Grant (ESG). Makakatulong ang Estratehiya sa Taunang Plano sa paggabay sa pagbuo ng Taunang Plano.

Pinopondohan ng mga Programang CDBG at ESG ang mga aktibidad sa pabahay at pagpapaunlad ng komunidad sa Urban County na binubuo ng mga lugar na wala sa hurisdiksyon ng anumang lungsod (unincorporated area) at anim na kasaling lungsod (Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway, at Solana Beach). Nagbibigay ang Programang HOME ng mga pondo para sa mga aktibidad sa pabahay sa mga sakop ng Kasunduang HOME (HOME Consortium) kabilang na ang Urban County, gayundin ang anim na lungsod ng Kasunduan (Consortium cities) (Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista). Naglilingkod ang Programang HOPWA para sa buong rehiyon ng County ng San Diego.

Kinakailangang makumpleto ang Taunang Plano para sa FY 2024-25 bawat taon para sa mga programang CDBG, HOME, HOPWA at ESG ng County. Bago ang pagbuo sa Taunang Plano, binabalangkas ng County ang Estratehiya sa Taunang Plano na tumutukoy sa mga dapat unahing pondohan at mga proseso ng pagpopondo sa darating na taon. Ang balangkas ng kasalukuyang Estratehiya sa Taunang Plano ay maaaring makita sa elektronikong paraan sa website ng Housing and Community Development Services: https://www.sandiegocounty.gov/sdhcd/index.html

Inaanyayahan ang publiko na dumalo sa pampublikong pagdinig upang makapagbigay ng komento sa Estratehiya sa Taunang Plano, at upang makuha ang pananaw ng mga mamamayan tungkol sa mga pangangailangan sa pabahay at pagpapaunlad ng komunidad bago ang paghahanda sa Taunang Plano para sa FY 2024-25. Maaari ding magbigay ng mga nakasulat na komento ang publiko sa loob ng 14 araw na panahon ng pagkokomento na magtatapos sa ika-24 ng Oktubre, 2023.

Dapat ipadala ang mga isinulat na komento sa Housing and Community Development Services, sa Community Development Division, 3989 Ruffin Road, San Diego, CA 92123, 858-694-8756, o sa email na Community.Development@sdcounty.ca.gov. Maaaring tawagan ng mga bingi o hirap makarinig ang departamento sa (866) 945-2207. Kinakailangan makipag-ugnayan ng mga nangangailangan ng tulong sa pagsali sa miting (hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ang kawani nang hindi bababa sa limang araw bago ang miting upang makahiling ng espesyal na tulong.